

Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Estudyante at sa Tao

AFFIDAVIT NG AWTORISASYON NG TAGAPAGBIGAY NG KALINGA

Ang paggamit ng affidavit na ito ay binigyang awtorisasyon ng Bahagi 1.5 (na magsisimula sa Seksyon 6550) ng Dibisyon 11 ng Family Code ng California.

Mga Tagubilin: Ang pagkumpleto ng mga item 1-4 at ang paglagda ng affidavit ay sapat upang bigyang awtorisasyon ang pag-enrol ng isang menor-de-edad sa paaralan at bigyang awtorisasyon ang medikal na pangangalaga na nauugnay sa paaralan. Ang pagkumpleto ng item 5-8 ay karagdagang kinakailangan upang bigyang awtorisasyon ang anumang iba pang medikal na pangangalaga.

Mangyaring i-print nang malinaw.

Ang menor-de-edad na pinangalanan sa ibaba ay nakatira sa aking tahanan at ako ay 18 taong gulang o higit pa.

1. Pangalan ng Menor-de-edad: _____
2. Petsa ng kapanganakan ng menor-de-edad: _____
3. Aking pangalan (taong nasa wastong gulang na nagbibigay ng awtorisasyon): _____
4. Address ng aking tirahan: _____
Numero Kalye Apt. # Siyudad Estado Zip Code
5. Ako ay lolo/lola, tiya, tiyo, o iba pang kuwalipikadong kamag-anak ng menor-de-edad (basahin ang likod ng form na ito para sa kahulugan ng “kuwalipikadong kamag-anak”) Iba pa: _____
6. Lagyan ng tsek ang isa o kapwa kahon (halimbawa, kung nasabihan ang isang magulang at hindi matatagpuan ang isa).
 - Sinabihan ko ang (mga) magulang o iba pang (mga) tao na may legal na kustodiya ng menor-de-edad tungkol sa aking intensyon na bigyang awtorisasyon ang medikal na pangangalaga, at wala akong pagtutol.
 - Hindi ko makontak ang (mga) magulang o iba pang (mga) tao na may legal na kustodiya ng menor-de-edad sa ngayon, upang abisuhan sila tungkol sa aking nilalayong awtorisasyon.
7. Petsa ng kapanganakan ko: _____
8. Ang aking lisensiya ng pagmamaneho sa California at numero ng kard ng pagkakakilanlan: _____

BABALA: Huwag lagdaan ang form na ito kung hindi tama ang anuman sa mga pahayag sa itaas, o kung gagawa ka ng isang krimen na maaaring parusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo o pareho.

Ipinapahayag ko, na alam ko na maaaring parusahan ako ng perjury kung nagsinungaling ako, sa ilalim ng mga batas ng California na ang naunang impormasyon ay totoo at tama.

Lagda _____ Petsa: _____

Mga Abiso:

1. Ang tao na umaasa sa affidavit na ito ay walang obligasyon na gumawa ng anumang karagdagang pagtatanong o imbestigasyon.
2. Ang pagpapahayag na ito ay hindi nakakaapekto sa mga Karapatan ng mga magulang o legal na tagapag-alaga ng menor-de-edad tungkol sa pangangalaga, kustodiya, at pagkontrol ng menor-de-edad, at hindi nangangahulugan na ang tagapag-alaga ay may legal na kustodiya sa menor-de-edad.
3. Ang affidavit na ito ay hindi balido nang higit sa isang taon pagkatapos ng petsa kung kailan ito isinagawa.

Ang affidavit na ito ay para sa mga layunin sa pagpapa-enrol lamang at hindi nagbibigay ng mga karapatang pang-edukasyon.

Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Estudyante at sa Tao

AFFIDAVIT NG AWTORISASYON NG TAGAPAGBIGAY NG KALINGA

PARA SA MGA TAGAPAGBIGAY NG KALINGA:

1. Ang “kuwalipikadong kamag-anak”, para sa mga layunin ng item 5, ay nangangahulugang ang asawa, magulang, stepparent, tiyo, tiya, pamangkin, unang pinsan, o sinumang tao na tinukoy ng unlapi na “grand” o “great”, o asawa ng alinman sa mga taong tinukoy sa kahulugang ito, kahit na natapos na ang kasal dahil sa kamatayan o paghihiwalay.
2. Maaaring atasin ng batas sa iyo, kung ikaw ay hindi kamag-anak o isang kasalukuyang lisensiyadong walang tirahan na magulang, na kumuha ng isang lisensiya sa bahay ng walang tirahan upang makapagpangalaga ng isang menor-de-edad. Kung mayroon kang anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na kagawaran ng mga serbisyong panlipunan.
3. Kung ang menor-de-edad ay tumigil sa pagtira kasama mo sa bahay, kailangan mong abisuhan ang anumang paaralan, tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan, o plano sa serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan kung saan ibinigay mo ang affidavit na ito.
4. Kung wala kang impormasyon na hiniling sa item 8 (lisensiya sa pagmamaneho sa California o I.D.), magbigay ng iba pang anyo ng pagkakakilanlan tulad ng social security number o Medi-Cal number.
5. Kung ang kriterya sa itaas ay hindi natutugunan, gumamit ng “iba” at banggitin ang relasyon sa (mga) bata.
6. Kailangang i-renew ang affidavit bawat taon.

PARA SA MGA OPISYAL NG PAARALAN:

1. Ang Seksyon 48204 ng Education Code ay nagsasaad na ang affidavit na ito ay bumubuo ng sapat na batayan para sa isang pagpapasiya ng paninirahan ng menor-de-edad, na walang kahilingan ng guardianship o iba pang order ng kustodiya, maliban kung pinasya ng distrito ng paaralan mula sa mga aktwal na impormasyon na hindi nakikitira ang menor-de-edad kasama ng tagapagbigay ng kalinga.
2. Humihiling ang distrito ng paaralan ng karagdagang makatwirang katibayan na nakatira ang tagapagbigay ng kalinga sa address na ibinigay sa item 4.

PARA SA MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN AT MGA PLANO SA SERBISYO SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN:

1. Walang sinumang kumikilos nang may mabuting pananalig sa affidavit ng awtorisasyon ng tagapagbigay ng kalinga upang magbigay ng medikal o dental na pangangalaga, na walang aktwal na kaalaman sa mga impormasyong salungat sa naipahayag sa affidavit, ay napapasailalim sa kriminal na pananagutan o sa sibil na pananagutan sa sinumang tao, o napapasailalim sa pagkilos sa disiplina sa propesyon, para sa gayong pananalig kung ang naaangkop na mga bahagi ng form ay nakumpleto.
2. Ang affidavit na ito ay hindi nagbibigay ng pagdedepende sa layunin ng pagsasaklaw sa pangangalaga ng kalusugan.